ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 17
Setyembre 7, 2021
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Dumugin ng protesta ang kurakot at pasistang si Duterte

Mistulang sukol na halimaw si Duterte sa harap ng malawakang nagbabagang galit ng bayan na ginatungan ng kasuklam-suklam na malalaking kaso ng korapsyon sa gitna ng pandemya, krisis sa ekonomya at malawakang paghihirap ng masa. Niyuyugyog ang trono ng naghahari-hariang tirano ng nagbabadyang krisis sa pulitika na maaaring sumambulat sa nalalapit na panahon. Dapat samantalahin ng sambayanang Pilipino ang umiiral na krisis sa pamamagitan ng pagbwelo sa kanilang mga pakikibaka para sa demokrasya laban sa tiwali, terorista, at tiranikong rehimen.

Gula-gulanit na ang karatulang "anti-korapsyon" ni Duterte. Lantad na kung papaanong ginamit niya ito sa nagdaang limang taon para tabingan at itago ang sistematiko at malakihang pagnanakaw at pandarambong sa kaban ng bayan at pagkamal ng yaman. Sa inilabas na panimulang ulat ng Commission on Audit (COA) at imbestigasyon ng Senado, nalantad ang tuwirang pagkakasangkot ni Duterte mismo at ng kanyang mga alipures sa mga katiwalian.

Inabuso ni Duterte ang kapangyarihan sa gitna ng malawak na krisis pangkalusugan. Nabunyag na pinagkakitaan niya ang pandemya sa paggamit ng pera ng taumbayan para ibili ng napakamahal na mga *face mask*, *face shield* at *personal protective equipment* (PPE) mula sa pinaburan niyang kwestyunableng kumpanyang Chinese. Malamang na sinlaki o mas malaki pang mga katiwalian ang mabubuko sa mga inaabangang imbestigasyon ng Senado at COA.

Ang korapsyon sa ilalim ng gubyerno ni Duterte ang isa sa malalaking salik sa likod ng malubhang kapalpakan sa paggugubyerno sa harap ng patuloy na pananalasa ng pandemyang Covid-19 sa bansa. Inuna pa ni Duterte at ng kanyang mga kasabwat ang kanilang mga bulsa kaysa bigyang prayoridad ang pagpapalakas ng kakayahan ng bansa na harapin ang malubhang krisis pangkalusugan. Habang nagpakabundat si Duterte at mga burukratang kapitalista sa pagkurakot at paglustay sa pera ng bayan, walang kapantay naman ang pagdurusa ng taumbayan sa pabigat na mga *lockdown*, kakulangan ng *mass testing*, *contact tracing* at mga ospital at pasilidad medikal, usad-pagong na bakunahan, pagpapabaya sa mga nars at iba pang manggagawang pangkalusugan, malawakang disempleyo, nawalang kabuhayan at pinagkakakitaan at lubhang kakarampot na ayudang pang-ekonomya.

Dahil sa pagpapabaya at kapalpakan sa paggugubyerno, lalo pang lumalala ang pandemya sa bansa. Inamin na rin mismo ng mga upisyal ni Duterte na hindi epektibo ang mga *lockdown*, pero hindi para gawin ang dapat na pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan, kundi para lamang umiwas sa responsibilidad na magbi-

gay ng ayuda sa mamamayan. Tiyak na mabibigo ang isasagawang diumano'y *granular lockdown* o lokalisadong *lockdown* sa harap ng malawakang hawaan at kulang na kulang na *mass testing* at *contact tracing*. Ang pagpalo sa humigit-kumulang 20,000 bagong kaso sa araw-araw ay nagbabadyang sumirit pa sa darating na mga linggo. Batak na batak na ang mga ospital at maraming maysakit —hindi lamang sa Covid-19—ang hindi na nabibigyan ng atensyong medikal.

Kasabay ng paglala ng pandemya, sumisidhi rin ang panunupil at karahasan laban sa mamamayan. Patuloy ang kampanya ng mga pagpatay sa mga lider at mga aktibo sa mga pakikibakang masa, gayundin ang mga pag-aresto, pagkakaso, paninindak, *red-tagging* at "pagpapasurender" sa mga taong naninindigan laban sa pasistang rehimen. Walang-awat ang paglustay ng bilyun-bilyong piso sa paghuhulog ng bomba, panganganyon, istraping at malalaking operasyong militar sa kanayunan na naghahasik ng terorismo sa masang magsasaka.

Sa gitna ng pandemya at krisis, wala nang pagsidlan ang nag-aalimpuyong galit ng sambayanang Pilipino sa rehimeng Duterte. Ang tugon ni Duterte ay ibayong pagsisinungaling at panlilinlang, pambubuska at pambabraso bilang mga paraan sa manipulasyon ng sentimyento at pananaw ng mga Pilipino. Ngunit hindi na umuubra ang ganitong estilo ni Duterte para makuha ang suporta ng mamamayan dahil lantad nang pantabing lamang ito sa ginagawang pagpapayaman at pag-agaw ng mas malaki pang kapangyarihan.

Dahil sa pag-aambisyon ni Duterte na manatili sa poder lagpas sa 2022 at sementuhin sa Malacañang ang kanyang dinastiya, gumuguho ang suporta maging ng kanyang mga kaalyado sa mga Marcos at Arroyo. Kani-kanyang maniobra sila ngayon upang ipwesto ang kanilang mga paksyon sa paparating na eleksyon. Maging ang sariling partidong PDP-Laban ay nabiyak dahil sa pagtutulak ni Duterte na tumakbong bise presidente, na ginagamit din niya bilang pamingga upang makakuha ng mas malaking pampulitikang ganansya.

Pampulitikang krisis ang nagbabantang sumambulat sa harap ng pangungunyapit ni Duterte sa poder sa gitna ng pandemya, pagkawasak sa ekonomya at kabuhayan ng masa, at pagkalantad ng malakihang korapsyon sa ilalim ng kanyang rehimen. Umiigting ang kontradiksyon sa loob ng naghaharing uri at sa pagitan ng pasistang rehimen at mamamayan na posibleng magbunsod ng malakihang banggaan bago pa man mag-eleksyon. Sa harap ng mga maniobra ni Duterte, dumarami rin ang mga pwersa na nagbubukas sa posibilidad ng pagwawakas sa paghahari ng tiraniya kahit bago ang eleksyon sa darating na taon.

Pabor ang sitwasyong ito para ibayong isulong ang mga pakikibakang masa at ang paglaban para wakasan ang tiranikong rehimen ni Duterte. Lalong lumalawak at tumitibay ang malapad na nagkakaisang prenteng anti-Duterte sa pagdami ng mga pwersa at personalidad na nauudyok na tumindig at hayagang kontrahin ang korapsyon at kapalpakan ng naghaharing pasistang rehimen.

Dapat samantalahin ng sambayanang Pilipino ang kalagayan upang puspusang isulong ang kanilang mga pakikibaka para sa kanilang kapakanan at mga karapatan. Dapat buuin ang lakas ng taumbayan sa mga pabrika, mga ospital at upisina, mga kampus at komunidad, at itaas ang kanilang kamulatan at determinasyong lumaban sa pamamagitan ng mga pag-aaral, pulong at asembliya. Paagusin ang mga lagaslas ng protesta tungo sa dambuhalang baha ng nagngangalit na laksa-laksang libo sa lansangan.

Ikawing ang mga pakikibaka sa kalunsuran sa mga pakikibaka sa kanayunan at itambol ang sigaw ng masang magsasaka para sa lupa at karapatan sa harap ng hayagang pananalasa ng brutal na panunupil ng militar at pulis.

Kasabay nito, dapat paigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba at asintahin ang pinakapusakal na pasistang mga kriminal. Padagundungin sa buong bansa ang mga armadong tagumpay bilang hudyat sa pagbabagsak ng halimaw na si Duterte. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 17 | Setyembre 7, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Dumugin ng protesta ang kurakot at pasistang si Duterte | 1 |
| 4 opensiba ng BHB sa Samar | 3 |
| Mga martir ng Samar at Negros, pinarangalan | 3 |
| 50 kabataan, sumapi sa KM-EV | 3 |
| Mga bayaning binabarat | 4 |
| Mga protestang bayan | 4 |
| Nakasusulasok na korapsyon ni Duterte | 5 |
| Pagwawaldas ng pondo sa kontra-insurhensya | 5 |
| Mga Palaweño, pinagkakaitan ng ayuda | 6 |
| Lider-magsasaka sa Bukidnon, pinagbabaril | 6 |
| Abugado at aktibista, pinatay | 6 |
| Sa madaling salita | 7 |
| Paglaban ng i-Kalinga sa mga *dam* | 8 |
| Sinong matututo sa eskwelang sarado? | 9 |
| Lupaypay sa mahal ng gulay | 10 |
| Pait sa pagtatanim ng ampalaya | 10 |



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# 4 opensiba sa Samar, inilunsad ng BHB

Magkakasunod na armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar noong Agosto.

Sa Northern Samar, dalawang elemento ng Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang napaslang sa Barangay Happy Valley, San Isidro noong Agosto 21. Sa parehong araw, isang sundalo ng 43rd IB ang napaslang sa labanan sa Barangay Palanit.

Bago nito, isang pulis ang napaslang sa labanan noong Agosto 19 sa Barangay Geparayan, Silvino Lobos. Sa Las Navas noong Agosto 17, inisnayp ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong mga elemento ng 20th IB sa Barangay Epaw. Napatay dito ang isang sundalo at napalayas ang yunit militar sa erya matapos ang dalawang araw.

Isang operasyong haras ang inilunsad ng BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) laban sa 7-kataong yunit ng 63rd IB sa Sityo Burabod, Barangay Mabini, Basey, Western Samar noong Agosto 7.

Sa Negros Oriental, napaslang ang dalawang upisyal at isang elemento ng CAFGU sa mga operasyong partisano ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command). Nasamsam sa kanila ang isang pistolang Ingram at mga bala. Inilunsad ang unang operasyon sa Barangay Trinidad, Guihulngan City noong Agosto 18 samantalang ang dalawa pang aksyong militar ay noong Setyembre 2 at 3 sa Barangay Pinukawan, Vallehermoso at Barangay Nasunggan, La Libertad. AB

# Mga martir ng Samar at Negros, pinarangalan

Pinarangalan ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na nasawi sa Eastern Samar at Negros Occidental noong Agosto habang nagpapatupad ng kanilang mga rebolusyonaryong gawain.

Tinawag ng Partido na "pinakamahuhusay na anak ng bayan" ang 19 na nasawi noong Agosto 16 sa walang habas na pambobomba ng militar sa Barangay Osmeña, Dolores, Eastern Samar. Bahagi ang mga martir ng Dolores sa 50-kataong yunit ng BHB na naglulunsad ng gawaing pampulitika, pang-ekonomya at edukasyon sa masang magsasaka sa naturang erya. Bahagi nito ang isang tim ng mga medik na nakatakdang magbigay ng treyning at menor na operasyon sa isang pasyente.

"Malaking kawalan ang pagkasawi ng mga martir ng Dolores," ayon sa Partido. "Subalit tiyak na laksa-laksa ang dadaluyong upang humalili sa kanila bilang bagong mga Pulang mandirigma ng magiting na hukbong bayan."

Pinarangalan din ng Partido si Kerima Lorena Tariman (Ka Ella) na dinakip at pinatay ng militar noong Agosto 20 sa Barangay Kapitan Ramos, Silay City sa Negros Occidental. Kasama niyang napatay si Joery Dato-on Cocuba (Ka Pabling), isa ring Pulang mandirigma. Sa imbestigasyon ng BHB-Negros, bahagya lamang ang sugat ni Ka Ella nang siya ay mahuli sa labanan pero tuluyan pa rin siyang pinatay ng mga sundalo.

Bumuhos ang parangal kay Ka Ella, mandirigma at kadre ng Partido, na kilala sa kanyang mga tula at likhang panitikan na nagsasalarawan sa pagdurusa, adhikain at pakikibaka ng masang api. Taos-puso ang pagkilala ng BHB-Negros sa mga ambag ni Ka Ella sa armadong rebolusyon sa isla. Nagbigay-pugay din ang Makibaka, Kabataang Makabayan at mga yunit ng BHB at Women's Protection Units (YPJ) sa Kurdistan.

Inalala ng mga organisasyong kinabilangan niya ang kanyang pamumuno bago siya sumapi sa BHB. Bantog siyang makata, manunulat at aktibista para sa mga magsasaka. Isang dekada siyang naging bahagi ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura. Una siyang naorganisa noong estudyante pa siya sa University of the Philippines. AB

### 50 kabataan, sumapi sa KM-EV


NASA 50 KABATAANG magsasaka ang nanumpa bilang bagong mga myembro ng Kabataang Makabayan (KM) sa inilunsad na kumperensya sa isang larangang gerilya sa Eastern Visayas noong Agosto 21.

Sa temang "Kabataan, suportahan ang kilusang masa sa mga baryo! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan! Labanan ang pasismo ng AFP!," nagbuklod sila at binalikan ang makasaysayang mga tungkulin ng sektor sa pagsusulong ng rebolusyon. Tinalakay sa kumperensya ang mga suliranin ng sektor tulad ng ligtas na pagbubukas ng mga eskwelahan at nagpapatuloy na panggigipit at pasistang atake ng rehimeng Duterte.

"Walang nakikitang kinabukasan ang mga kabataan sa ilalim ng rehimeng Duterte," salaysay ni Ka Mori, tagapangulo ng balangay ng KM sa baryo. Pinagtibay ng bagong mga kasapi ang pagkakaisa na lalabanan at pangingibabawan ang mas malupit na militarisasyon sa kani-kanilang mga komunidad. Nanumpa silang patuloy na tatahakin ang landas ng pagrerebolusyon at maging di nasasaid na balon ng rebolusyonaryong kilusan. AB

Mga manggagawang pangkalusugan

# Mga bayaning binabarat, pinagkakaitan ng benepisyo




Dumating at lumampas na lamang noong Agosto 31 ang 10-araw na palugit na hiningi ng Department of Health (DOH) pero hindi pa rin natatanggap ng maraming manggagawang pangkalusugan ang mga benepisyong nararapat sa kanila. Ang mga benepisyong ito ang dahilan kung bakit lumabas ang mga nars at iba pang manggagawang pangkalusugan sa di bababa sa 10 ospital sa Metro Manila noong Agosto 30 at Setyembre 1. Nagprotesta rin sila sa harap ng upisina ng DOH sa Manila para igiit ang kagyat na pagbibitiw sa pwesto ng kalihim nitong si Francisco Duque III. May kapareho ring aksyong protesta sa Baguio City, Pampanga, Iloilo City, Bacolod City, Samar, Leyte at Isabela.

Labis ang galit ng mga manggagawang pangkalusugan sa sunud-sunod na pagkabunyag sa di paglalabas ng pondo sa isang banda, at pangungulimbat ng pera ng bayan sa kabilang banda. Ang mga ito ay tatak na ng palpak na tugon ng rehimeng Duterte sa pandemya. Kabilang sa ipinagkakait sa kanila ang *special risk allowance* (SRA) na nakasaad sa batas. Dulot ng mga pagkilos, napilitan ang Department of Budget and Management na maglabas ng ₱311 milyon at ₱888 milyon noong nakaraang linggo para sa SRA mula Disyembre 2020 hanggang Hunyo ng 120,000 manggagawang pangkalusugan na direktang nangangalaga ng mga pasyenteng may Covid-19.

Giit ng mga unyon ng nars at iba pa, dapat bigyan ng SRA ang lahat ng mga sangkot sa pag-aalaga ng mga pasyente, may Covid-19 man o wala, kabilang ang mga di medikal na istap tulad ng mga drayber ng ambulansya at *orderly*. Kinakaharap nila ang peligro ng bayrus saanman sila, anuman ang kanilang papel, sa lugar ng kanilang trabaho.

Liban sa SRA, iginigiit din ng mga manggagawa na ipamahagi na ang *hazard pay* at alawans para sa transportasyon, pagkain at akomodasyon. Sa Jose Reyes Memorial Medical Center, 70% ng nakatakdang badyet (₱39.2 milyon) para sa alawans sa akomodasyon at transportasyon mula Setyembre hanggang Disyembre 2020 ang hindi pa natatanggap ng mga manggagawa.

Marami na sa mga manggagawang pangkalusugan ang nasawi, nagkasakit at napilitang mag-resayn o magretiro. Apektado nito ang dati nang manipis nilang hanay at mahinang sistemang pangkalusugan lalu na sa harap ng mabilis na pagdami ng mga kaso ng impeksyon dulot ng baryant na Delta.

Kamakailan ay lumampas na ang kaso ng impeksyon ng Covid-19 sa bansa tungong 2 milyon. Maraming mga ospital ang nagdeklarang puno na at hindi na tumatanggap ng mga pasyente. Sa mahigit 33,000 nasawi, 103 ay mga manggagawang pangkalusugan.

Ayon sa Alliance of Health Workers, bago pa man ang mga pagkilos ay sinikap na nilang makipagdayalogo sa DOH pero hindi sila pinakinggan ng ahensya. Pagdadahilan umano noon ni Duque, ₱1 bilyon lamang ang inilaan para sa kanilang benepisyo gayong ₱59 bilyon ang kailangan para rito. Mas malala, walang pondong inilaan para sa mga manggagawang pangkalusugan sa badyet para sa 2022. AB

**Makatwirang benepisyo sa Asia Brewery.** Nagpiket noong Setyembre 1 ang mga manggagawa ng Asia Brewery sa Cabuyao, Laguna para igiit ang nakabubuhay na sahod at benepisyo. Mahigit walong buwan na ang negosasyon ng mga manggagawa at maneydsment hinggil sa kanilang *collective bargaining agreement*. Ayon sa mga manggagawa, patuloy ang kanilang operasyon kahit sa gitna ng pandemya pero binabarat pa rin sila ng kapitalista. Ang Asia Brewery ay pagmamay-ari ng kapitalistang si Lucio Tan na nagtala ng 10.9% (₱6.08 bilyon) pagtaas ng netong kita noong 2020.

**Ayuda sa *tiempo muerto*.** Mahigit 300 manggagawang bukid sa ilalim ng National Federation of Sugar Workers ang nagmartsa tungo sa kapitolyo sa Bacolod City noong Agosto 25 para ipanawagan na ibigay na ang ayudang nakalaan para sa kanila sa panahon ng *tiempo muerto* (panahon na walang produksyon ng tubo).

**Masaker sa Lianga, ginunita.** Nagtirik ng mga kandila ang mga grupong nagtatanggol sa karapatang-tao sa harap ng Commission on Human Rights sa Quezon City noong Setyembre 1 bilang paggunita sa ikaanim na taon ng tinaguriang Masaker sa Lianga. Wala pa ring nakakamit na hustisya ang mga pamilya ni Emerito Samarca, *executive director* ng ALCADEV at mga lider-katutubong sina Juvello Sinzo at Dionel Campos.

**Badyet sa korapsyon, kinundena.** Nagprotesta ang iba't ibang sektor sa harap ng House of Representatives sa Quezon City noong Setyembre 3 upang kundenahin ang korap at pahirap na gubyernong Duterte. Kasabay ang pagkilos sa isinasagawang deliberasyon sa pondong 2022 ng Office of the President. Anila, dapat alisin ang pondong nakalaan para sa *pork barrel*, korapsyon at panunupil.

## Nakasusulasok na korapsyon ni Duterte

Hindi na napipigilan ni Rodrigo Duterte ang pag-alingasaw ng baho ng kanyang rehimen. Sa nagdaang mga linggo, tuluy-tuloy na nabubunyag ang malalaking kaso ng pangungulimbat ng pondo ng pinakamalalapit niyang alipures at kasosyong tiwaling negosyante.

Sa simula pa lamang, nagmaniobra na si Duterte para kopohin ang bilyun-bilyong pondo sa ngalan ng pagsugpo sa Covid-19. Ipinasa ng sunud-sunurang Kongreso ang Bayanihan 1 na nagbigay sa kanya ng ₱275 bilyong pondo at awtoridad na isaisantabi ang mga proseso ng alokasyon at pagbili.

Inilagay ni Duterte sa Department of Budget and Management (DBM) sina Wendell Avisado at Christopher Lao, mga abugadong direktang nagsilbi sa kanya bago siya naging presidente. Gamit ang kanilang mga pwesto, hindi bababa sa ₱1 bilyon ang ninakaw ni Duterte sa kaban ng bayan sa porma ng sobrang pagpepresyo ng mga *face mask*, *face shield*, *personal protective equipment* (PPE) at *test kit*. Itinakda pa niya ang pagsusuot ng *face shield* para likhain at panatilihin ang demand para rito.

Sa utos ni Duterte, bumili ang ahensya ng mga *face mask* sa presyong ₱27 kada isa at *face shield* sa halagang ₱120 gayong maaaring bilhin ang mga ito sa presyong ₱13 at ₱27 lamang kada piraso. Bumili rin ito ng mga *test kit* sa presyong ₱1,720 kada isa, gayong may nabibili sa halagang ₱925, at mga PPE na nagkakahalaga ng ₱1,910 kahit pa mayroong nabibiling ₱945 kada isa.

Pinaburan ng ahensya ang dalawang kumpanyang Chinese na nakabase sa Davao—ang Pharmally Pharmaceutical Corporation at Philippine Blue Cross Biotech Corporation. Itinayo ang Pharmally noong Setyembre 2019 lamang at may panimulang kapital na ₱260,666 pero ginawaran ito ni Lao ng walong kontratang nagkakahalaga ng ₱8.7 bilyon. Tumabo ang kumpanya ng ₱7.5 bilyon sa 2020 mula sa wala noong 2019. Lumaki naman ang netong kita ng Blue Cross Biotech mula ₱260,666 noong 2019 tungong ₱12.2 milyon sa 2020.

Ang mga may-ari ng Pharmally na si Huang Wen Lie at kanyang anak na si Huang Tzu Yen ay mga kasosyo ni Michael Yang, isa sa mga espesyal na tagapayo sa ekonomya ni Duterte. Lumitaw ang pangalan ni Yang noong 2017 nang tukuyin siya ng isang retiradong heneral bilang isang *drug lord* na sangkot sa ismagling ng *shabu* sa bansa. AB

---

## Pondo sa kontra-insurhensya, winawaldas

Isa sa madaling mabatid sa inilabas na ulat ng Commission on Audit (COA) ang kriminal na pagprayoridad ng rehimeng Duterte sa sektor ng depensa at gera kontra-insurhensya sa gitna ng matinding krisis pangkalusugan. Liban sa napakalaking pondong hindi pa natutuos ng militar at pulis, sunud-sunod na ibinunyag ng COA ang iligal na pagkopo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ng milyun-milyong pondo mula sa ibang sibilyan na ahensya.

Noong ikalawang linggo ng Hulyo, nalantad ang anomalya sa bilyun-bilyong pondong inilaan sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) nang kastiguhin ng COA ang bigong paggamit ng mga ito sa ₱9.4 bilyong pondo para sa mga kontrata at proyekto. Nilantad ng COA na mayroong 41 proyekto ang AFP at PNP na nagkakahalaga ng ₱6.8 bilyon ang hindi natapos sa takdang panahon, habang siyam na proyektong militar na nagkakahalaga ng ₱940.5 milyon ang sinuspinde. Umabot sa ₱1.7 bilyon ang hawak ng PNP Special Action Force para sa mga kontratang hindi naipatupad. Hindi naipaliwanag ng AFP at PNP kung nasaan na ang mga pondo.

Kasunod nito, kinwestyon ng COA ang maanomalyang pagpapasa ng ₱162.9-milyong pondo ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at Department of Interior and Local Government (DILG) para sa implementasyon ng mga programa ng NTF-ELCAC. Inilantad ng COA na umabot sa ₱160 milyon pondong pang-iskolar ang ipinasa ng TESDA sa mga panrehiyong upisina nito para sa pagpapatupad ng mga programa ng NTF-ELCAC noong 2020. Mahigit sangkapat ng naturang pondo (₱41.95 milyon) ay napunta sa Davao Region na balwarte ng mga Duterte. Dagdag dito ang ₱2.9 milyon ng DILG sa panrehiyong upisina nito sa Mindanao para rin sa aktibidad ng NTF-ELCAC nang walang kaukulang dokumentasyon.

Kinwestyon din ng COA ang maanomalya at maluhong paggamit ng National Commission on the Idigenous Peoples (NCIP)-Caraga sa mahigit ₱1-milyong pondo nito para sa isang "workshop" ng NTF-ELCAC sa Agusan del Norte noong Nobyembre 2020. Ginanap ang pagtitipon sa isang *beach resort* sa Agusan del Norte sa panahong wala pang bakuna at ipinagbabawal ang malakihang pagtitipon. Notoryus ang NCIP sa maluhong pagwawaldas ng pondo para sa mamahaling mga *hotel* at restawran. Noong nakaraang taon, nakwestyon na rin ang komisyon sa pagwawaldas ng pondo sa mamahaling *hotel* at restawran.

Iginiit ng COA na hindi maaaring gamitin ng mga ahensya ang Executive Order 70 na lumikha sa NTF-ELCAC para basta-basta na lamang maglipat ng pondo nang walang basbas ng Kongreso. AB

Koresponsal mula sa Southern Tagalog

# Mga Palaweño, pinagkakaitan ng ayuda

Dumaranas ng hirap at gutom ang mamamayang Palaweño dahil sa sunud-sunod na *lockdown* sa prubinsya. Dagdag dito ang pasikut-sikot, mabagal at hindi patas na sistema ng pamamahagi ng Special Amelioration Program (SAP) at iba pang ayuda mula sa mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno. Liban sa mga reklamo, tadtad din ng mga alegasyon ng korapsyon at paboritismo ang pamamahagi.

Sa Brooke's Point, maraming pamilya ang walang natanggap na kahit anong materyal o pinansyal na ayuda. Dahilan ng mga upisyal ng barangay, wala sila sa listahan ng benepisyaryo o di kaya'y nakatanggap na ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Inirereklamo rin ng mga residente na mga kamag-anak at tagasuporta lamang ng kapitan ang nakatanggap ng kumpletong ayudang pampinansya.

Sa Rizal, litaw ang diskriminasyon sa katutubong Palaw'an. Nakatanggap lamang sila ng limang salop ng bigas gayong kalahating kaban at ₱1,500 ang ipinamamahagi sa mga di katutubo. Ipinatawag pa ng mga sundalo ang mga residente ng isang sityo ng mga katutubo sa *barangay hall* at tinakot na papatayin ang hindi sumunod sa patawag dahil mga kasapi umano sila ng BHB. Pagdating sa *barangay hall*, pinagkatuwaan ang mga katutubo at sapilitang pinaglaro ng pabilisan sa pagputok ng lobo gamit ang pagupo. Nakatanggap ng premyong isang pirasong *instant noodles* ang nanalo.

Sa Quezon, ilan lamang ang nakatanggap ng buong ₱8,000 na ayuda. Ang iba ay nakatanggap lamang ng ₱1,500-₱2,500. Ipinagkait ang ₱5,000 ayuda sa Barangay Isugod. Inobliga naman ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang mga residente na magtrabaho sa barangay kapalit ng ayuda. Pinapirma sila sa mga papeles at pinangakuang makatatanggap ng ₱3,200 matapos ang trabaho. Noong Mayo 18, pinaglinis sila ng kalsada at pinagbuhat ng mga *drum* pero Agosto na ay wala pa rin silang natatanggap.

Sa Roxas, nangako ang DOLE ng ₱5,000 ayuda noong Pebrero pero hanggang ngayon ay wala pa ring natatanggap ang mga residente. Sa tatlong magkakatabing barangay, hanggang pagpapapirma lamang ng mga papeles ang ginawa ng ahensya.

Ganito rin ang naganap noong 2020 kung kailan dalawang salop ng bigas, kape, asukal at dalawang pirasong sabon lamang ang nakarating sa mga residente. AB

## Lider-magsasaka sa Bukidnon, pinagbabaril

NAMATAY SA WALANG pakundangang pamamaril ng mga elemento ng 89th IB noong Agosto 19 si Veneranda Guinanao, kasapi ng Amihan National Federation of Peasant Women sa Bukidnon. Nasugatan ang kanyang asawa na si Reynaldo Guinanao at anak na si Christian matapos inistraping ang kanilang bahay sa Purok 5, Musuan, Maramag, Bukidnon. Parehong kasapi ng grupo ng mga magsasaka sa Buffalo-Tamaraw-Limus (BTL) ang mag-asawa. Lider naman ng KASAMA-Bukidnon si Reynaldo. Ang BTL ay lokal na samahang magsasakang lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng Central Mindanao University. Noong 2020, sapilitang "pinasuko" ng NTF-ELCAC ang mga myembro nito bilang mga "Pulang mandirigma."

Sa Misamis Oriental, pinagbabaril hanggang mapaslang si Gerald Ral, kasapi ng Balingasag Farmers Association at Hiniusang Mag-uuma sa Blanco sa bayan ng Lagonglong noong Agosto 21. Magdedeliber sana siya at kanyang kapatid ng saging sa palengke nang paslangin. Dati nang ginigipit si Ral ng 58th IB at pinararatangang kasapi ng BHB.

Sa Gamay at Mapanas, Northern Samar, limang magsasaka ang pinaulanan ng bala ng Special Action Force noong Agosto 6 at 15. Inakala diumano ng mga pulis na mga Pulang mandirigma sila.

Sa Sorsogon, iligal na inaresto ang magsasakang si Ruel Habitan Escolano, 59, sa Barangay San Pascual, Casiguran noong Agosto 20 at pinaratangang myembro ng BHB. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong panggagahasa at tangkang pagpatay.


## Abugado, aktibista, pinaslang

INAMBUS NG PINAGHIHINALAANG mga ahente ng estado si Atty. Rex Fernandez habang nasa kanyang sasakyan sa Banawa, Cebu City noong Agosto 26. Si Fernandez ay abugado ng mga manininda ng palengke ng Carbon sa kanilang laban kontra pribatisasyon. Siya rin ang abugado ng mga aktibistang hinuli sa isang protesta sa Cebu kontra Anti-Terror Law noong Hunyo 2020. Si Fernandez ang ika-57 abugadong pinaslang sa panahon ni Duterte.

Patay na nang ilitaw ang isa pang aktibistang taga-Cebu. Inilitaw ng pinaniniwalaang ahente ng estado ang bangkay ni Elena Tijamo, isang manggagawang pangkaunlaran at kasapi ng Farmers Development Center. Pinalabas na namatay siya sa isang ospital sa Metro Manila dahil sa operasyon sa *goiter*. Dinukot siya noong Hunyo 13, 2020 sa kanyang bahay sa Barangay Kampingganon, Bantayan Island.

SA MADALING SALITA

# 22,415



## naitalang kaso ng impeksyon ng Covid-19

sa isang araw noong Setyembre 6. Pinakamataas ito mula nang magsimula ang pandemya.

# 70%

Δδ

## ng mga bagong kaso ng Covid-19

sa Pilipinas ay **resulta ng pagkalat ng Delta variant**. Sa 748 na pasyenteng sinuri sa pag-aaral ng Philippine Genome Center sa 13 rehiyon noong Agosto 27, 516 ang nagpositibo sa naturang baryant.

# 27.9%

ang naitalang ***positivity rate* sa pag-*test*** ng aabot sa **66,225**

pasyenteng hinihinalang may Covid-19 sa bansa noong Agosto 27. Halos **anim na beses na mas malaki** ito kumpara sa *positivity rate* na 5% na itinakda ng World Health Organization **para masabing kontrolado ang pagkalat ng bayrus**.

# 1,038

## pamilya



ng mga **biktima ng mga pamamaslang** sa ilalim ng **gera kontra droga** ng rehimeng Duterte ang naghain ng kanilang mga representasyon sa **International Criminal Court** mula Hunyo 28 hanggang Agosto 13 para itulak ang imbestigasyon kaugnay sa **mga krimen ni Duterte.**

# ₱133.9 bilyon

## ang kikitain ng rehimen

mula nang **ipatupad nito ang pahirap na TRAIN Law** noong **2018** na nagpataw ng dagdag na buwis sa konsumo. Pinakamalaking bahagi nito ay mula sa buwis sa mga produktong petrolyo (₱105.7 bilyon), inasukalang inumin (₱43.4 bilyon), at *value-added tax* (₱29.3 bilyon).

***Pinagkunan:*** *Ibon Foundation*


# 17,500 o 30%

**ng mga *species* ng puno ang nasa bingit na ng pagkaubos sa buong mundo,**

440 sa mga ito ay mayroong mas kaunti pa sa 50 puno na natitira. Pinakamarami (1,788) ang naitalang mga punong malapit nang maubos sa Brazil dulot ng pagkakalbo at mga sunog na tumupok sa malaking bahagi ng kagubatan ng Amazon sa nakalipas na mga taon.

# 3 sa 5

## Pilipino ang nagsabing mas mababa ang kanilang kita ngayong pandemya.



Ayon sa COVID-19 Pulse PH, **40%** sa kanila ang nagsabing **dulot ito ng mga restriksyon sa *lockdown***, habang **32%** naman ang nagsabing napanatili nila ang kanilang hanapbuhay ngunit **lumiit ang kanilang kita**.

***Pinagkunan:*** *United Nations Development Program, Zero Extreme Poverty 2030*




# Sosin Bîrhat

**isang kumander ng Women's Protection Units (YPJ) ng mamamayang Kurds**

na namartir sa pambobomba ng Turkish Armed Forces sa Rojava noong Agosto 19. Nagsilbi siya sa YPJ Military Council at nanguna sa armadong paglaban sa panghihimasok ng Turkey at Islamic State sa Northern at Eastern Syria.

Koresponsal mula sa Ilocos-Cordillera

# Pang-aapi at paglaban sa mga dam ng katutubong i-Kalinga




Malaking banta sa mamamayan ng Kalinga ang 15 proyektong *hydropower* na iginawad sa siyam na mga kumpanyang pagmamay-ari o prente ng malalaking kapitalista. Hindi bababa sa tatlo rito ang maituturing na dambuhalang dam na mangangailangan ng *reservoir* na may taas na 15 metro sa minimum at mayroong kakayahang makaipon ng hindi bababa sa 3 milyong metro-kubiko ng tubig. Sa kabuuan, plano umano ng mga ito na magsuplay ng 468.43 *megawatt* o 5.4% sa kabuuang *output* ng Luzon Grid.

Malaon nang iginigiit ng reaksyunaryong estado na maghahatid ng kaunlaran ang mga proyektong ito at hindi dapat tutulan ng mga pambansang minorya. Pinatitingkad ng pagdadahilang ito ang pambansang pang-aapi na kanilang dinaranas na dagdag sa mga batayan nilang mga problema tulad ng kawalan ng lupa, sapat na kabuhayan at pagsasamantala bilang mga manggagawa at magsasaka.

Sa kaso ng mga i-Kalinga, pangunahing haharapin nila ang pag-agaw ng mga pribadong kumpanya sa kanilang lupang ninuno na sentral sa kanilang kabuhayan, kultura at kasaysayan. Kahit di agad mapalalayas sa lugar, mawawala sa kanila ang pagmamay-ari sa lupa dahil sasaklawin ito ng kontrol, operasyon at imprastruktura ng pribadong mga kumpanya.

Magbabago ang nakasanayang sistemang pangkabuhayan ng mamamayan sa lugar na pagtatayuan ng mga ito. Hindi na sila malayang makapangingisda at makapaghahanapbuhay.

Magdudulot ang konstruksyon ng mga dam ng malawakang pagbaha at pagkasira ng kalikasan. Sa pagbabago ng natural na agos ng tubig, makararanas ng mas mabigat na pagbaha ang mga komunidad laluna ang mga pamayanang malapit sa Chico at kaugnay nitong mga ilog tuwing may malalakas na bagyo.

Magdudulot ng pagguho ng lupa ang mga pagbaha at ang mismong konstruksyon ng pasilidad para sa mga proyekto. Maramihang puputulin ang mga punong kahoy at halamang sagka sa pagtatayuan ng mga pasilidad. Lubhang maapektuhan ng mga ito ang yamang halaman at hayop ng Kalinga.

Kakambal ng mga proyektong ito ang pasistang panunupil at pananakot sa mga i-Kalinga ng mga kumpanya sa enerhiya at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na pangunahing ginagamit para dahasin at takutin ang mamamayang tumututol sa mga mapanirang proyekto. Halimbawa rito ang pagbabantay ng Charlie Company ng 50th IB sa Chico River Pump Irrigation Project para tiyakin ang mabilisang pagpapatupad ng proyekto.

Walang ibang patutunguhan ang mga proyekto kundi etnosidyo sa mamamayang i-Kalinga. Walang kaparis na paghihirap sa mamamayan kapalit ng super-ganansya para sa iilang kapitalista ang hatid ng mga proyektong *hydropower*.

Taliwas sa ipinangangalandakan na ang mga proyektong dam ay magbibigay ng libreng kuryente sa mga residente, ang mapoprodyus na kuryente nito ay direktang mapupunta at ibebenta ng National Power Corporation.

Lahat ng proyektong *hydropower* ay pag-aari ng mga pribadong kumpanya. Halimbawa dito ang Chico Hydropower Project na pag-aari ni Enrique Razon Jr., kasosyo si Oscar Violago. Tulad sa ibang negosyo, kita at hindi pampublikong serbisyo ang nagtutulak sa mga ito.

Kakarampot at panandalian ang mga trabahong lilikhain ng mga proyekto. Sa Chico Run-Of-River Hydropower Project, tinatayang 2,000 lamang na manggagawa sa konstruksyon ang temporaryo nitong iiempleyo at 19 manggagawa para sa araw-araw nitong operasyon.

Malaon nang ipinagtatanggol ng mamamayang i-Kalinga ang kanilang mga karapatan laban sa pagtatayo ng mga dam. Hinaharap nila ito sa iba't ibang porma ng pagtutol at pakikipaglaban kahit sa gitna ng pandemya.


Hindi pumayag ang mga apektadong residente na ibigay sa mga proyekto ang kanilang pahintulot o *free, prior, and informed consent* (FPIC). Sa kabila ito ng matinding pandarahas at panloloko na ginawa ng mga kumpanya ng enerhiya kakuntsaba ang National Commission on the Indigenous Peoples.

Kabilang sa kanilang magiting na tinutulan ang Upper Tabuk Hydropower Project na mula pa noong 2008 hanggang ngayon ay hindi pa nakapagsisimula ng konstruksyon dahil sa maigting na pagtutol ng mga tribu at mamamayang apektado ng proyekto. Ganito rin ang istatus ng Chico Run-Of-River Hydropower Project na nagsimula sa pagkuha ng FPIC noong 2016 at natapos na sana noong 2019. Nakasuspinde ang proseso ng pagkuha ng FPIC dulot ng pandemyang Covid-19.

Nagpapatuloy ang pagkakaisa at paglaban ng mga i-Kalinga sa harap ng pambabraso, panlilinlang at panunuhol ng mga kumpanya at mga kasapakat na armadong galamay ng estado. Malinaw ang kanilang nagkakaisang sigaw: Botad tako losan!

# Sinong matututo sa eskwelang sarado?

Muling iginiit ng Alliance of Concerned Teachers noong Setyembre 5 ang pagbubukas ng harapang mga klase para sa taong ito. Ito ay matapos ianunsyo ng Department of Education (DepEd) noong Agosto na mananatili sa palpak at pahirap na moda ng *blended learning* ang mga eskwelahan sa darating na Setyembre 13. Ayon ito sa dikta ni Rodrigo Duterte na hintayin munang mabakunahan ang lahat sa bansa laban sa Covid-19. Pero sa kupad ng pagbabakuna kung saan 12.51% pa lamang ng populasyon ang natuturukan, malamang na matatagalan pa bago makabalik sa loob ng mga silid-aralan ang mga estudyante.




Kabilang ang Pilipinas sa natitirang limang bansa sa buong mundo na hindi pa bumabalik sa harapang mga klase mula nang magsimula ang pandemya. Sa panahong ito, ang mga eskwelahan sa bansa ang pinakamatagal na sarado sa buong Asia-Pacific. Noong Pebrero, iniulat ng United Nations Children's Fund (Unicef) na ikatlo ang Pilipinas sa may pinakamaraming estudyante na apektado ng mga saradong eskwelahan. Aabot sa 25 milyong estudyanteng Pilipino ang nakaliban nang buong panahon ng klase mula Marso 2020.

Inilahad sa ulat ng Unicef ang masasamang epekto ng saradong mga eskwelahan. Nangunguna sa mga ito ang paghinto sa pagkatuto ng mga estudyante, laluna sa higit na nakararaming mga walang kakayahang gumastos sa pag-aaral labas sa eskwelahan. Ipinagkakait din sa maraming estudyante ang nutrisyon na nakukuha nila sa mga "feeding program" ng mga paaralan.

Nagiging bulnerable rin sa pangaabuso ang mga bata at kabataan, kabilang ang abusong sekswal at maagang pagbubuntis, pagpapatrabaho at pagkasangkot sa mararahas na aktibidad kapag hindi sila nakalalabas sa bahay.

Matindi ang epekto sa kalusugang mental ng mga estudyante ang pagkahiwalay sa kanilang mga kaklase at kaibigan. Ayon sa National Center for Mental Health, lumaki ang bilang ng mga kabataang dumaranas ng *stress* dahil sa mga aralin at pagkakakulong sa bahay.

Mabigat na pasanin para sa mga magulang ang saradong mga eskwelahan. Hindi sila handa at walang kasanayan sa pagpapadaloy ng *distance learning*. Sa maraming pagkakataon, naisasakripisyo nila ang hanapbuhay upang mag-alaga sa mga anak na nakulong sa mga bahay.

Maging ang mga guro ay wala ring kasanayan sa *distance learning*, kaya't gaanuman kabuti ang hangaring makapagturo ay nagkakaroon pa rin ng mga gulo sa paghahanda ng mga modyul. Maraming pagkakataon ding nagresulta sa pagkasisante ng mga guro ang pagsara ng mga eskwelahan.

Daragdag din sa bilang na tinukoy ng Unicef ang milyun-milyon pang estudyante na hindi na nagpalista para sa darating na pasukan. Ngayong 2021, 12.7 milyong estudyante lamang sa Kindergarten hanggang Grade 12 ang nag-enrol, mahigit kalahati lang (51%) sa kabuuang bilang noong 2020.

Paulit-ulit nang idinaing ng mga estudyante, magulang at guro ang kahirapan sa kawalan ng harapang klase at iginiit ang ligtas na balik-eskwela. Sa kolehiyo kung saan pinayagan ang napakalimitadong harapang mga klase sa larangan ng medisina, 1% lamang ng mga estudyante ang naulat na nahawa.

Sa panig ng Unicef, kahit pa umano nagkakaroon ng mas nakahahawang mga baryant ng Covid-19, posible pa rin ang yugtu-yugtong pagbubukas ng mga eskwelahan. Sang-ayon din ang grupo na maaaring magsimula ito sa mga lugar na may mababang bilang ng mga kaso ng Covid-19. Maaari rin umano ito sa paraang boluntaryo at nagpapatupad ng mga hakbanging pangkalusugan.


Pero bago pa ang pandemya ay deka-dekada nang problema ang kakulangan ng pasilidad at serbisyo sa mga pampublikong paaralan. Noong 2020 ay umabot na sa mahigit 110,000 pampublikong klasrum ang kulang. Dahil dito, karaniwang pinaghahatian ng 75-80 estudyante ang isang silid na pang-40 katao lamang. Sadyang kulang na kulang ang mga pasilidad lalo kung muling magbubukas ang harapang mga klase, at 15-20 estudyante lamang ang papayagan sa bawat klasrum para may *social distancing*.

Mula 2016-2020, halos 4,507 lang na klasrum ang naipatayo ng gubyernong Duterte. Katiting na 4.06% lang ito ng kabuuang pangangailangan.

Kulang din ang mga pasilidad para tuparin ang mga pamantayang pangkalusugan. Sa datos mismo ng DepEd, noong 2020 ay 28% lang ng kabuuang bilang ng mga paaralan ang may klinika. Kapos na kapos din ang bilang ng mga nars sa mga eskwelahan, na katumbas lang ng isang nars sa halos 6,000 estudyante. Aabot rin sa 3,000 eskwelahan ang wala kahit batayang pasilidad para sa paghuhugas ng kamay. Walang ginawa ang rehimeng Duterte para resolbahin ang mga problemang ito. AB

# Lupaypay sa mahal ng gulay

Biglang sumirit ang presyo ng mga produktong gulay noong nakaraang buwan. Sa Metro Manila, naiulat na tumaas nang 375% (₱300) ang presyo ng repolyo. Mahigit doble rin ang itinaas sa presyo kada kilo ng pechay Baguio at karot, habang 75% ang itinaas sa presyo ng talong, at 25% sa kalabasa at ampalaya.



Ibinunton ng Department of Agriculture (DA) ang sisi sa pagtaas ng presyo sa pagbagsak ng suplay ng gulay dulot ng pananalasa ng bagyong Fabian at habagat sa iba't ibang bahagi ng Luzon noong huling linggo ng Hulyo. Gayunpaman, bago pa nito ay kumakaharap na ang Pilipinas sa tumitinding kakulangan ng suplay ng gulay. Mismong ang DA ang nagsabing kukulangin ang suplay ng gulay ngayong taon nang hanggang 434,840 metriko-tonelada (MT). Isinasangkalan ito ng ahensya para itodo ang pag-aangkat ng gulay sa bansa.

Umaabot sa 2 milyong MT ang abereyds na taunang bolyum na kinokonsumong gulay ng bansa o 18.24 kilo kada Pilipino. Nasa 136,934 MT ng gulay ang para sa binhi at pakain sa hayop, o di kaya'y inaasahang masisira.

**Bagsak na produksyon**

Mula 1995, bumabagsak na ang produksyon ng gulay sa bansa dulot ng liberalisasyon ng kalakalan alinsunod General Agreement on Tariffs and Trade. Wala pa sa kalahati ng naprodyus na gulay ng bansa noong 1996 (4.8 milyong tonelada) ang inaasahang mapoprodyus ngayong taon. Ang pagbagsak ay pangunahing resulta ng pagkalugi ng lokal na mga magsasaka bunsod ng todong pag-aangkat.

Pinakamatinding tinamaan ng liberalisasyon sa agrikultura ang produksyon ng bawang. Noong dekada 1990, 100% ng bawang na kinokonsumo ng bansa ay lokal. Noong 2020, umaabot na sa 91% ng suplay ng bawang sa bansa ay *imported*. Ganito rin ang sinapit ng produksyon ng munggo at sibuyas na 51% at 39% na ay *imported*. Sa mga gulay na inangkat ng bansa noong 2019, pinakamalaki ang bolyum ng munggo (36,656 MT na nagkakahalagang ₱1.7 bilyon) kasunod ng sibuyas (23,590 MT na nagkakahalagang ₱261.8 milyon).

Kakumbina ng malawakang pagpapalit-gamit, nagpatuloy ang pagbagsak ng produksyon at pagliit ng mga gulayan sa bansa. Ayon sa pinakahuling datos, 240,724 ektarya ng lupa ang kabuuang saklaw ng mga taniman ng siyam na pangunahing gulay sa bansa noong unang hati ng 2020. Mas makitid ito nang 6,365 ektarya kumpara noong 2016 sa simula ng rehimeng Duterte. Kabilang sa mga itinatanim ang ampalaya, repolyo, kamoteng kahoy, talong, munggo, sibuyas, patatas, kamote, at kamatis. Malaking bahagi ng mga gulayan ay matatagpuan sa Ilocos, Cordillera, Central Luzon, Southern Tagalog, Northern Mindanao, Bangsamoro at Eastern Visayas. Mayorya ng suplay ng Metro Manila ay nagmumula sa Benguet, Cordillera.

Sa mga gulay na inangkat ng bansa noong 2020, pinakamalaki ang bolyum ng sibuyas (40,585 MT o ₱2.03 bilyon), kasunod ng munggo (26,980 MT o ₱1.8 bilyon) at bawang (23,590 MT o ₱1.82 bilyon). Mula sa China ang halos lahat ng *imported* na bawang at higit sangkatlo ng *imported* na sibuyas sa lokal na mga pamilihan sa bansa. Galing naman sa Indonesia at Myanmar ang 80% ng kabuuang bolyum ng *imported* na munggo. AB

### Pait sa pagtatanim ng ampalaya

MAGSASAKA NG AMPALAYA sa Southern Mindanao ang 60-taong gulang na si Tatay Kaloy. Wala siyang sariling lupa kaya nangupahan siya ng kalahating ektarya para makapagsaka. Sa isang panayam sa mga kasama, naikwento niya kung papaano siya "natalo" (palasak na tawag sa "nalugi") sa nakalipas na panahon ng taniman.

Aniya, karaniwang nasa apat hanggang anim na buwan ang siklo ng pagtatanim at pag-ani ng ampalaya. Gumagastos siya ng hindi bababa sa ₱12,600 para sa binhi, abono, pestisidyo, alambre, tali, at iba pang kagamitang pansaka. Dagdag rito ang ₱200/araw na sahod sa mga magbubukid na kinakatuwang niya sa panahon ng pagtatanim at anihan. Sa abereyds ay nakaaani siya ng 24 beses sa isang taniman at nakapagpoprodyus ng aabot sa 336-408 kilo ng ampalaya. Binibili sa kanya ang ampalaya sa halagang ₱35/kilo, sa gayon ay kumikita siya ng aabot sa ₱14,208. Kung ikakaltas ang mga ginastos niya sa pagtatanim, halos wala nang natitira sa kanya bilang malinis na kita.

Isa lamang si Tatay Kaloy sa libu-libong magsasaka na nagtitiis sa atrasado at manu-manong pagsasaka ng gulay sa bansa, at kawalan ng subsidyo sa porma ng mga kagamitang pansaka, abot-kayang pautang at irigasyon.